SUMMATIVE TEST – ESP 3

**FOURTH GRADING PERIOD**

**Name:** ____________________________________________ **Score:** ______________

**Grade & Section:** _____________________________________ **Date:**_______________

**ESP 3**

**PANUTO**: **Isulat kung tama o mali ang sumusunod na pangungusap bago ang bilang.**

1. Ang pananalig sa Diyos ay isang mabuting pag-uugali.

2. Madalas na nananalig si Berto na manalo sa isang patimpalak sa pagbigkas. Sa halip na siya ay magensayo kasama ang kanyang guro ay lumiliban siya upang maglaro ng computer games

3. Magkakaroon ng katuparan ang ating mga ipinapanalangin sa Diyos kahit wala tayong gawin upang ito ay mangyari.

4. Ang pananalig sa Diyos ay maipakikita sa ating pagdarasal.

5. Dapat na mapalakas natin ang ating pananalig sa Diyos kahit minsan ay di nagkakaroon ng katuparan ang ating mga hinihiling sa Kanya.

**B. PANUTO**: **Isulat kung TAMA o MALI ang pahayag.**

**6.** Gumawa nang tama; maging mabait sa kapuwa.

7. Walang karapatan ang sinuman na pagtawanan ang iba dahil sa kanilang pisikal na anyo, relihiyon, antas sa buhay, o kasarian

8. Huwag kang pasaway.

9. Mahal ko ang Diyos kaya hindi ako nang-aapi ng aking kapuwa.

10. Kung may makita kang batang sinanasaktan, ipagbigay-alam agad sa kinauukulan.

**C. PANUTO**: **Isulat ang TAMA kung wasto ang pahayag at MALI naman kung hindi.**

______11. Dapat na mapalakas natin ang ating pananalig sa Diyos kahit minsan ay di nagkakaroon ng katuparan ang ating mga hinihiling sa Kanya.

_______12.Ang pananalig sa Diyos ay pagpapakita ng ganap na pagtitiwala sa Kanya anuman ang ating kaharapin sa buhay.

_______13.Habang ginagawa natin ang makakaya natin upang maging maayos at mabuti ang ating buhay,nagtitiwala din tayo na gagabayan at tutulungan tayo ng Diyos.

_______14. Magkakaroon ng katuparan ang ating mga ipinapanalangin sa Diyos kahit wala tayong gagawin upang mangyari ito.

_______15.Ang pananalig sa Diyos ay maipapakita sa ating pagdarasal.

**D. PANUTO**: **Isulat ang <u>WASTO</u> kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahaaga sa mga kagamitan sa simbahan at <u>DI-WASTO</u> kung hindi.**

________16. Maging maingat sa paghawak ng mga kagamitan sa loob ng simbahan.

________17. Ang pagpapahalaga sa mga kagamitan sa loob ng simbahan ay pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos.

________18. Hayaan na lamang ang mga naiwan na basura sa mga tagapalinis ng simbahan.

________19. Magboluntaryo sa pag-alis ng mga damo at kalat sa paligid ng simbahan.

________20. Magbigay ng mga kagamitan na makakatulong sa paglilinis ng simbahan